

Ikalimang Yugto ng Patnubay para sa Mga Negosyo at Lugar

Ang patnubay na ito ay pinapalitan ang patnubay na tukoy sa industriya na inilathala ng Kagawaran ng Komersyo at Pagkakataon sa Ekonomiya bilang bahagi ng plano ng Pagpapanumbalik sa estado ng Illinois. Kasama sa patnubay na ito ang mga rekomendasyon para sa lahat ng uri ng mga negosyo at lugar, parokyano, at empleyado upang makatulong na mapanatili ang malusog na kapaligiran at pagpapatakbo, pati ang pagpapababa sa peligro ng pagkalat ng COVID-19.

Ang mga sumusunod ay inirekumenda na mga diskarte sa pag-iwas na kinikilala na habang ang estado ng Illinois ay gumawa ng malaking pag-unlad sa pagbabakuna sa mga residente nito, ang bilang ng mga indibidwal ay mananatiling hindi karapat-dapat o hindi pa napiling mabakunahan. Ang patuloy na paggamit ng mga diskarte sa pag-iwas ay makakatulong na mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 at maprotektahan ang mga taong hindi buong nabakunahan, kabilang ang mga parokyano, empleyado, at kanilang pamilya. Gaya ng lagi, ang mga negosyo at lokal na munisipalidad ay maaaring piliin na magpatupad ng mga karagdagang diskarte sa pag-iwas ayon sa tingin nila na nararapat.

- Ang mga bakuna ng COVID-19 ay ligtas, mabisa, at magagamit sa buong Illinois. Ang bawat taong may edad na 12 taong gulang pataas ay dapat na [nabakunahan](#) laban sa COVID-19 sa lalong madaling panahon upang maiwasang makuha at/o kumalat ang COVID-19.
- Para sa mga negosyo at lugar kung saan ang lahat na naroroon ay [kumpletong nabakunahan](#), hindi hinihingi ng estado ang mga pantakip sa mukha at distansya mula sa kapwa-tao sa parehong panloob at panlabas na mga lugar. Pinapayagan ang mga negosyo at munisipalidad na magpatuloy na hingin ang paggamit ng mga takip sa mukha at distansya mula sa kapwa-tao ayon sa tingin nila na nararapat.
- Para sa mga panloob na negosyo at lugar kung saan ang lahat na naroroon ay hindi [kumpletong nabakunahan](#), ang mga hindi nabakunahang tao ay dapat magsuot ng takip sa mukha at panatilihin ang anim na talampakan na distansya mula sa kapwa-tao. Ang mga negosyo at lugar ay maaaring magpatuloy na hingin ang paggamit ng mga pantakip sa mukha at/o pag-distansya mula sa kapwa-tao. Sa mga panlabas na negosyo at lugar, ang mga hindi nabakunahang tao ay maaaring piliin na huwag magsuot ng takip sa mukha kapag napanatili ang anim na talampakang distansya habang nasa labas, maliban kung hingin ng isang negosyo o munisipalidad.
- Bagaman ang mga taong ganap na nabakunahan ay hindi kinakailangang magsuot ng takip sa mukha sa ilalim ng patnubay ng estado, ang mga negosyo at lugar ay dapat na suportahan ng mga parokyano at empleyado na piniling magsuot ng takip sa mukha.
- Ang mga taong may madaling nalalagay sa peligro ang kalusugan ay dapat isaalang-alang ang pagsusuot ng mga pantakip sa mukha kapag nasa mga lugar kung saan ang iba ay maaaring hindi buong nabakunahan.
- Ang lahat ng mga hindi nabakunahang tao ay dapat magsuot ng mga takip sa mukha sa masikip na mga lugar, kapwa sa loob at labas ng bahay, lalo na kapag may mga bata. Tingnan ang [Patnubay ng CDC](#) para sa karagdagang impormasyon.
- Mayroong limitadong mga pangyayari at lugar kung saan ang lahat ng mga indibidwal, kabilang ang mga buong nabakunahan, ay dapat na patuloy na magsuot ng takip sa mukha alinsunod sa [patnubay ng CDC](#): (1) sa pampublikong transportasyon, (2) sa mga pasilidad na may pagtitipon, (3) sa mga lugar ng pangangalagang pangkalusugan, at kung saan kinakailangan ng mga batas, panuntunan, at regulasyon ng pederal, estado, lokal, tribo, o teritoryo, kasama ang lokal na patnubay sa negosyo at lugar ng trabaho.
- Ang mga indibidwal sa mga paaralan, mga lugar ng pangangalaga ng bata, at mga institusyong pang-edukasyon ay dapat na patuloy na sundin ang magkakahiwalay na patnubay na inisyu ng Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Illinois, Kagawaran ng Mga Serbisyong Bata at Pamilya ng Illinois, at Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois.
- Ang lahat ng mga negosyo at lugar ay dapat suportahan ang distansya mula sa kapwa-tao hanggang makakaya, lalo na sa mga panloob na lugar. Ang mga negosyo at lugar ay dapat maglapat ng pinakamahasag na kasanayan sa

pamamahala ng pagdistansiya sa mga lugar tulad ng mga konsesyon/espasyo, pampublikong banyo, at mga linya/pila.

- Ang patnubay na ito ay babaguhin habang naglalabas ang CDC ng mga bagong rekomendasyon at nilalayan upang dagdagan ang anumang pederal o lokal na patnubay, mga batas sa kaligtasan, alituntunin, regulasyon o mga patakaran sa kaligtasan ng negosyo na maaaring malinaw na nangangailangan ng takip sa mukha at/o distansiya mula sa kapwa-tao.
- Magpatuloy na kumunsulta sa mga website ng [CDC](#) at [IDPH](#) para sa nabagong mapagkukunan, mga alituntunin, at panuntunang nauugnay sa kaligtasan mula sa COVID-19.